

Information mapping method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa baitang 8

Dela Peña, Himeji-ken ✉

Cebu Technological University -Main Campus, Philippines (kendelapea@gmail.com)



Received: 10 November 2023

Available Online: 1 December 2023

Revised: 18 November 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.72

Accepted: 1 December 2023

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

Developing student's writing skills is integral to the teaching-learning process. The study aimed to assess the skills in writing reflective essays of grade 8 students using the Information Mapping Method (IMM). The study was conducted in Liloan National High School, Poblacion, Liloan, Cebu in the school year 2022- 2023. The study utilized one group pretest-post-test design and the data gathered were reviewed based on qualitative and quantitative methods. The data that was interpreted using statistical treatment is in a quantitative category, while the interpreted data using descriptive analysis is in a qualitative category. Three instruments were utilized in this study; pre-test, post-test, and a survey questionnaire personally crafted by the researcher and validated by the experts. It has been found in the study that the writing skills of the students using the IMM in teaching are developing than in conventional teaching. It is also proven that student's writing skills are sharpened particularly in writing the content, organization and format, and mechanics standards. The study's results also show that there is a significant difference between the pre-test and post-test performance of the respondents. Based on the findings of this study it is concluded that the Information Mapping Method (IMM) is found effective in teaching writing skills. It is suggested that the utilization of the output of this study (worksheets) will be a big help as a guide in teaching writing reflective essays to the students.

Keywords: Filipino teaching, information mapping method, writing skills, reflective essay, Liloan, Cebu

Information mapping method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa baitang 8

1. Introduction

Sa kasalukuyan, ang bawat indibidwal ay inaasahang may sapat na makrong kasanayan tulad ng pagsulat upang makapagpahayag ng saloobin bilang pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ang kasanayang ito ay nakatutulong upang malutas ang suliranin, makabuo ng malikhaing pang-unawa sa mga bagay sa paligid, masanay sa paggamit ng kritikal na pag-iisip at pag-aaral upang maging tulay sa pagkatuto. Kung kaya maituturing na ang pagsulat ay isang sining na kung saan naipakikita o nailalahad nito ang hinuha sa pamamagitan ng pagsulat. Isa rin ang pagsulat sa maituturing na paraan na madalas na ginagamit ng guro upang madebelop ang kasanayan ng mga estudyante sa epektibong pagpapahayag na isa rin sa mahalagang makrong kasanayan na kailangang linangin. Sa paraang ito, matutuklasan at masusukat ang mga persepsyon ng mga estudyante katulad ng pagsulat ng replektibong sanaysay na madalas patungkol sa mga kasalukuyang pangyayari sa lipunan na siyang susukat sa talas ng kanilang paraan ng paglalatag ng mga ideya at pananaw. Naglalayon itong mapahalagahan ng mga mag-aaral ang esensya ng pagsulat ng isang akademikong sulatin nang sa gayon ay mailapat nila ang sapat na kasanayan sa pagsulat na inaasahang mahahasa sa isang tiyak na panahon. Maituturing ito na isang malaking hamon para sa mga guro kung kaya sinusubukan nila ang iba't ibang pamamaraan para matugunan ang pangangailan ng mga ito.

Binigyang-diin ni Knudson (1995) ang pagsusuri sa katangian ng kakayahan ng 2 mag-aaral sa pagsulat; pagdisenyong instruksyon para matulungan ang mag-aaral sa pagdebelop ng kanyang kasanayan sa pagsulat at ang epektibong pagtataya. Ang pagsulat ng replektibong sanaysay ay nakatutulong upang mahasa ang sariling pag-iisip, damdamin, o opinyon tungkol sa isang paksa, pangyayari, o tao at kung paano naaapektuhan ng mga ito ang natutuklasang bagong pananaw sa sarili, sa kapwa at sa kapaligiran. Binanggit ni Stratford (2018) ang isa sa mga tiyak na uri ng sanaysay na may kinalaman sa pagsusuri o pag-arok sa isip o damdamin hinggil sa isang paksa. Ito ang pagsulat ng replektibong sanaysay na isang pagsasanay na pangkaisipan upang masuring mabuti ang mga itinatagong kaisipan o mga pananaw na gustong mabatid ng karamihan hinggil sa paksang pinag-uusapan.

Tinukoy naman ni Morgan (2018) ang replektibong sanaysay bilang tulay sa pagpapakita ng personal na paglago ng isang tao mula sa isang karanasan o pangyayari. Binigyang-diin din niya na ang replektibong sanaysay ay nagpapakita ng pagbabago sa sarili mula sa kanyang mga pinagdaanang karanasan at pangyayari sa buhay. Tunay ngang masasabi na ang karanasan ng tao ang siyang mag-uudyok upang baguhin kung ano ang nararapat at ilapat ang mga natutuhan sa kasalukuyang pamumuhay. Mas mainam umanong paunlarin ang kakulangan ng isang tao sa bagay na ito upang lubos na mapaunlad ang kani-kaniyang kaalaman sa lahat ng aspekto ng buhay.

Ang replektibong sanaysay ay mapanuri, mapanuya, nagpapatawa, pampolitika, pangkasaysayan, pampilosopiya, pampanitikan, panggunita, at pangkabutihang-asal. Ito rin ay may malaking ambag sa pagpapahayag ng 3 sariling pananaw, opinyon at emosyon na maaaring gamitin bilang daan upang matuklasan ang itinatagong kakayahayan sa sining ng pagpapahayag ng ideya. Sa mga pampublikong paaralan sa Pilipinas, tinatayang maobserbahan nang madalas sa klasrum ang pagbibigay ng atas ng mga guro sa pagsulat ng replektibong sanaysay. Ang mga estudyante ay kakikitaan ng kahirapan sa paghinuha ng mga angkop na salita upang makabuo ng isang makabuluhang talata. Bagamat madalas na itong isinasagawa, napatunayan pa rin ng mga guro na hindi sapat ang mga pamamaraan o estratehiya na kanilang inilalapat upang magkaroon ng positibong awtput ang mga estudyante (De Guzman & Abagon, 2021).

Sa Liloan National High School, kung saan kasalukuyang nagtuturo ang mananaliksik, naobserbahan niya na karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagsulat ng replektibong sanaysay na nagiging dahilan upang

mawalan sila ng interes o naging sagabal ito upang maipahayag ang kanilang mga nais sabihin sa pamamagitan ng pagsulat. Kung kaya naging isang hamon sa mga gurong nagtuturo at naglalayong makapagbigay ng mataas na antas ng kaalaman hindi lamang sa pagbabasa at pagsasalita kundi maging sa pagsulat upang malinang ang mataas na antas ng kakayahan particular sa pagsulat ng replektibong sanaysay. Ang sitwasyong ito ang nag-udyok sa mananaliksik na gawing pagaaral ang pagtuturo ng replektibong sanaysay sa pamamagitan ng paggamit ng Information Mapping Method na siyang tutukoy sa antas ng kasanayan sa 4 pagsulat ng mga estudyante. Sa pamamagitan nito, umaasa ang mananaliksik na magiging daan ito upang makabuo ng isang makabuluhan at epektibong interbensyon upang mapataas at madebelop ang kakayahan ng mga estudyante sa pagsulat. Kaagapay ang Most Essential Learning Competency (MELC) ng Department of Education sa paghasa ng kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa gawaing ito. Ito kung gayon ang magpupuno sa puwang o kakulangan ng mga estudyante sa larangang ito.

Bilang paglalahat, nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay upang matulungan silang mai-angat ang antas ng kanilang kakayahan sa larangan ng pagsulat at pag-iisip ng mga panibagong kaisipan patungkol sa ispisipikong pagpapahayag ng kakayahan at pagsulat sa iba't ibang larangan.

2. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng One Group Pretest- Post Test Design upang matukoy ang kabuuang larawan ng mga suliraning pampananaliksik na inilalahad (Shorten & Smith, 2017). Isinagawa at nakapokus ang pag-aaral na ito sa pampublikong paaralan sa Liloan National High School, Poblacion, Liloan, Cebu. Nililimitahan lamang sa pag-aaral na ito na matasa ang natamong kakayahayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay ayon sa: (1) nilalaman, (2) organisasyon at pormat, at (3) mekaniks gamit ang Information Mapping Method. Gamit ang convenience sampling napili ang apat na pung (40) mag-aaral sa baitang 8 bilang respondente ng pag-aaral. Gumamit ng tatlong instrumento ang mananaliksik. Ito ay ang pre-test, post-test at isang talatanungan na personal na binuo ng mananaliksik na ipinabalideyt sa mga eksperto upang makuha ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Information Mapping Method.

Ang mga datos na nakalap mula sa pre-test at post-test na nilapatan ng istadistikal na pagpupuntos ay mauuring nasa kwantitabong aspektong pag-aaral samantalang ang paglalahad, pagsusuri, pagpapakahulugan, at pagpapahiwatig sa mga datos na nakalap ay itinuturing na nasa anyong kwalitatibo. Ginamit ang kaukulang istadistikal na pagsusuri upang matiyak ang kasagutan sa mga suliraning tinukoy sa pag-aaral. Sa pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral gamit ang kumbensiyunal at Information Mapping Method na mga pamamaraan sa pagtuturo ng replektibong sanaysay ay ginamit ang Paired samples T-Test. Kinuha naman ang mean iskor upang malaman ang kabisaan ng Information Mapping Method sa pagtuturo.

3. Resulta at pagtatalakay

Ang bahaging ito ay naglalarawan ng pagtatalakay, pag-aanalisa at pag-iisa-isa sa mga datos na nalikom. Binigyan ng pagpapakahulugan ang nalikom na impormasyon upang mabigyang kasagutan ang mga tiyak na suliranin.

Ang bahaging ito ay naglalahad sa kwantitabong resulta kaugnay sa mga katanungan sa pag-aaral na ito: ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa pre-test gamit ang kumbensiyunal na paraan ng pagtuturo ng replektibong sanaysay ayon sa nilalaman, organisasyon at pormat, at mekaniks; ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa post-test batay sa mga tinukoy na pamantayan gamit ang Information Mapping Method sa pagtuturo; makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga respondenteng mag-aaral pagkatapos ng pre-test at post-test; at ang naging saloobin ng mga mag-aaral na respondente sa paggamit ng Information Mapping Method bilang estratehiya sa pagtuturo ng replektibong sanaysay.

Talahanayan 1

Antas ng kasanayan sa pre-test gamit ang kumbensiyunal na paraan ng pagtuturo ng replektibong sanaysay

Pamantayan	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
Nilalaman	3.63	0.87	Mahusay
Organisasyon at pormat	3.60	0.81	Mahusay
Mekaniks	3.50	0.72	Mahusay

Legenda: 1.00-1.80-Kailangan Pang Paghusayan; 1.81-2.60-Papaunlad; 2.61-3.40-Medyo Katamtaman; 3.41-4.20-Mahusay; 4.21-5.00-Napakahusay

Mahalaga sa pag-aaral na ito ang pagtasa sa pre-test ng mga respondenteng mag-aaral upang matukoy ang antas ng kanilang kasanayan gamit ang kumbensiyunal na paraan na pagtuturo upang matukoy kung saan dapat bigyang pansin ang kulang ng mga mag-aaral at tasahin ng maayos sa pamamaraang pagtuturo at pagpapalawig ng metodong Information Mapping Method sa pagsulat ng replektibong sanaysay.

Makikita sa talahanayan 1 na **mahusay** ang kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa pre-test gamit ang kumbensiyunal na paraan ng pagtuturo ng replektibong sanaysay ayon sa nilalaman (mean=3.63, sd=0.87), organisasyon at pormat (mean=3.60, sd=0.81), at mekaniks (mean=3.50, sd=0.72). Batay sa mga datos na ito, ang mga respondenteng mag-aaral sa ikawalong baitang ng Liloan National High School ay mahusay sa antas ng nilalaman, organisasyon at pormat, at mekaniks sa pagsulat ng replektibong sanaysay. Ito ang naging resulta sa pagganap ng mga respondente sa Pamantayan Mean Standard Deviation Interpretation Nilalaman 3.63 0.87 Mahusay Organisasyon at pormat 3.60 0.81 Mahusay Mekaniks 3.50 0.72 Mahusay 23 panimulang pagtataya na ibinahagi ng mananaliksik gamit ang kumbensiyunal na paraan ng pagtuturo ng replektibong sanaysay.

Sa paglalapat ng estratehiyang Information Mapping Method sa mga estudyante sa Baitang 8. Masusing ipinaliwanag ang mga kahulugan at mahahalagang konsepto. Ang Information Mapping Method ay tumutugon sa karaniwang itinatanong ng tao gamit ang anim na pangkalahatang mga uri ng impormasyon: Una, Prinsipyo—mga tuntuning gumagabay sa pagsulat batay sa isang isyu o usapin; Ikalawa, Proseso—hakbang o yugto sa pagsulat; Pangatlo Pamamaraan—mga tiyak na hakbang na sinusunod; Ikaapat, Konsepto—ideya o mga ideya na nagbabahagi ng kritikal na hanay ng mga katangian; Ikalima, Estructura—mga tuntunin o gabay sa balarila o gramatika; Ikaanim, Patunay—mga pahayag na sumusuporta sa katotohanan. Ang mga gawaing itinakda sumusunod sa mga pangunahing pamantayang itinakda sa pagsulat Information Mapping Method ito ay ang kaalaman, organisasyon at pormat at ang mekaniks.

Ayon kay McEachie (1990) na ang mabisang pamamaraan sa pagtuturo ay nakadepende sa layunin, sa mag-aaral, sa guro at sa paksang aralin. Sinuportahan ng pag-aaral na ito ang paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ng pagsulat kung saan mas binigyang-diin ang aspektong pangnilalaman na nagbibigay tuon sa 24 pagpapalawak at pag-uugnay ng mga paksa sa iba pang konsepto subalit hindi rin isinasantabi ang papel na ginagampanan ng kasanayan sa pagpapamalas ng kahusayan sa gramatika. Nangangahulugan lamang ito na natatamo na ang kahusayan ng mga mag-aaral sa mga sinukat na kompetensi dahil may natututuhan rin sila sa proseso ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Subalit hindi maitatwa na may puwang pang paunlarin ang kanilang kahusayan sa mga binanggit na pamantayan kung lalo pang palalakasin at palalawakin ng guro ang kanyang pamamaraan upang tuluyang lumabas ang husay at galing ng mga respondenteng mag-aaral sa larangan ng pagsulat.

Ang antas ng kahusayan na kanilang nakuha ay maaari pang mahigitan. Sa katunayan, batay sa indibidwal na pre-test, mapapansin na sa apatnapung (40) mga respondenteng mag-aaral ay dalawampu't lima (25) ang nakakuha ng mahusay, sampu (10) ang kulang sa kasanayan at lima (5) naman ang nakakuha ng antas na pinakamahusay sa krayteriyang pangnilalaman. Lumabas din sa pretest na may dalawampu't apat (24) na respondenteng mag-aaral ang nakakuha ng mahusay sa organisasyon at pormat samantalang magkatimbang ang iskor na nakuha ng mga respondente sa parehong antas na napakahusay at kulang sa kasanayan dahil parehong walo (8) ang kanilang iskor sa pre-test. Ang mga bilang na ito ay tumutugma sa kinalabasan na ang karamihan sa mga respondente ay may angking kahusayan o mahusay sa tatlong pamantayang sinukat. Kung lalo pang

pag-iigihan ng guro ang kanyang 25 estratehiya sa pagtuturo, higit na makapagpapamalas ng husay at galing ang mga mag-aaral sa mga sinukat na pamantayan.

Bilang implikasyon sa pag-aaral na ito, ang paggamit ng kumbensyunal na pagtuturo ng replektibong sanaysay ay nakatulong sa mga respondenteng mag-aaral upang mahasa ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng replektibong sanaysay na nagbibigay-diin sa nilalaman, organisasyon at pormat, at mekaniks subalit mas higit pang malilinig ang kanilang kakayahan sa pagsulat kung bubuksan ng guro ang oportunidad na gumamit ng ibang estratehiya na higit na lilinig at susukat sa mga binanggit na pamantayan. Sa kabuuan, ang talahanayan 2 ay nakatuon sa pagtatasa sa antas ng kasanayan sa pre-test ng mga respondente batay sa tinukoy na mga pamantayan gamit ang kumbensyunal na paraan sa pagtuturo ng replektibong sanaysay. Ito ay mahalaga upang masuri ng mananaliksik ang antas sa pretest ng mga respondenteng mag-aaral.

Talahanayan 2

Antas ng kasanayan sa post-test gamit ang information mapping method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay

Pamantayan	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
Nilalaman	4.63	0.67	Napakahusay
Organisasyon at pormat	4.30	0.82	Napakahusay
Mekaniks	4.13	0.82	Mahusay

Ipinapakita sa talahanayan 2 na **mahusay** ang kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa post-test gamit ang Information Mapping Method na estratehiya sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa antas na mekaniks (mean=4.13, sd=0.82) samantalang napakahusay naman ayon sa nilalaman (mean=4.63, sd=0.67) at organisasyon at pormat (mean=4.30, sd=0.82).

Batay sa datos, ang post-test ng mga respondenteng mag-aaral ay mas umunlad o mas nahasa ang kanilang kasanayan sa pagsulat pagkatapos na gamitin ang estratehiyang Information Mapping Method sa lebel ng nilalaman at organisasyon at mekaniks samantalang nananatili namang mahusay ang kanilang kasanayan sa lebel ng mekaniks sa pagsulat ng sanaysay. Mahihinuhanag nagkaroon ng positibong epekto sa kanilang kahusayan sa pagsulat ang pagtuturo gamit ang nasabing estratehiya. Ito ay batay sa tatlong pamantayan sa pagsulat ng replektibong sanaysay na sinuri ng mananaliksik. Sa bahaging ito, ang mananaliksik ay gumamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa mga respondenteng mag-aaral. Ang resulta ay nagpapakita na ang estratehiyang 27 nabanggit ay nakapagpapaunlad sa kasanayan sa pagsulat ng mga magaaral. Isinaad ni Magpantay (2011) na ang pagpili ng angkop na estratehiya o metodo sa pagtuturo upang makamit ang epektibong pagkatuto ay nakasalalay sa guro. Kailangang makabuo sila ng mga pamamaraang aangkop sa mga pagbabagong nagaganap sa sistema ng edukasyon. Kung kaya sa kaniyang pag-aaral gamit ang estratehiyang Information Mapping Method napatunayan niya ang kabisaan nito upang tulungan ang mga mag-aaral na makasulat ng isang makabuluhang sulatin.

Bilang implikasyon sa pag-aaral na ito, ang post-test ng mga respondenteng mag-aaral ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay ay nakapagpapabuti sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Sa katunayan, mula sa antas na mahusay na kanilang nakuha sa tatlong tinukoy na pamantayan batay sa datos na nakasaad sa talahanayan 2 ay nahigitan nila ang kanilang performans sa nilalaman at organisasyon at pormat sa pamamagitan ng pagkakamit ng pinakamahusay na antas sa mga pamantayang ito samantalang nananatiling mahusay ang kanilang naging performans sa lebel na mekaniks sa parehong kumbensyunal at makabagong pamamaraan sa pagtuturo. Ang paglalapat ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ng pagsulat ay nakatutulong kung gayon upang tumaas ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Lutang na lutang sa post-test ng mga respondenteng mag-aaral na ang kanilang 28 performans ay napakahusay sa pamantayang pangnilalaman at organisasyon at pormat. Dalawampu't siyam (29) ang kanilang naging iskor sa pangnilalaman samantalang dalawampu (20) sa organisasyon at pormat. Kung ang mga datos na ito ang pagbabatayan, masasabing mas higit na nagkaroon ng bisa ang makabagong pamamaraan sa pamamagitan ng paggamit ng estratehiyang Information

Mapping Method sa pagtuturo ng sanaysay. Sa kabilang dako, makatawag-pansin ang naging iskor ng mga estudyante para sa mekaniks. Labingsiyam (19) ang nakakuha ng mahusay, labing-apat (14) ang napakahusay at pito (7) ang kulang sa kasanayan. Subalit masasabi pa rin sa pangkalahatan na mas umangat ang naging performans ng mga respondente sa pamantayang ito. Sa kabuuan, ang resulta ng talahanayan 3 ay nagpapatunay na ang paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay ay nakapagpapahusay sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral lalong-lalo na sa aspektong pangnilalaman at organisasyon at pormat.

Talahanayan 3

Pagkakaiba sa performans ng mga respondenteng mag-aaral pagkatapos ng pre-test at post-test

Pamantayan	p-value	Interpretasyon
Nilalaman	<0.001	Makabuluhan
Organisasyon at pormat	<0.001	Makabuluhan
Mekaniks	0.005	Makabuluhan

Inilalahad sa talahanayan 3 ang pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga respondenteng mag-aaral pagkatapos ng pre-test at post-test. Mahalaga ito sa pag-aaral upang masuri ang antas ng performans ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghahambing sa kanilang iskor sa pre-test at post-test.

Batay sa mga datos na ito, ang pre-test at post-test ng apatnapung (40) mga respondenteng mag-aaral sa ikawalong baitang ng Liloan National High School ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa performans sa pre-test at post-test ng mga respondente. Ito ay batay sa resulta ng pre-test at post-test na ibinahagi ng mananaliksik. Makikitang nagkaroon ng mas mataas na marka ang mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay kaysa paggamit ng kumbensiyunal na paraan ng pagtuturo sa pagsulat.

Pinatunayan nina Ortega et al. (2018) na ang paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ay kapakipakinabang para sa pagpapahusay sa performans ng mga mag-aaral na may kani-kaniyang angking kakayahan at talento sa pagsulat. Sa tulong ng 30 inobatibong pagtuturo ay nagiging aktibong kasangkot sila sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Nasubok nila sa kanilang pag-aaral ang epekto ng paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method upang umunlad ang kakayahan at kasanayan ng kanilang naging mga respondente sa pag-aaral na ito. Anila, mas humusay ang kanilang paggamit sa mga salitang pangnilalaman at pangkayarian na siyang tuon sa kanilang pagsusuri. Bilang implikasyon sa resulta sa talahanayang ito, ang mga datos na nakalap ay sumasalungat sa haypotesis sa pag-aaral na ito na nagsasaad na “Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay.” Sa katunayan, makikita sa resulta ng pag-aaral na ito na may makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng pre-test at post-test ng mga respondente sa pagitan ng pagtuturo ng replektibong sanaysay gamit ang kumbensiyunal na paraan at estratehiyang Information Mapping Method.

Sa kabuuan, ang talahanayan 3 sa pag-aaral na ito ay nagpapakita ng resulta na may makabuluhang pagkakaiba ang pre-test at post-test na kung saan sa pre-test ay gumamit ng kumbensiyunal na paraan sa pagtuturo ng replektibong sanaysay ang mananaliksik na ang naging resulta ay parehong nakakuha ng antas na mahusay sa tatlong tinukoy na pamantayan sa pagsulat ng replektibong sanaysay gamit ang Information Mapping Method.

Talahanayan 4

Kasanayan sa pagsulat ng replektibong sanaysay

Kasanayan sa pagsusulat ng replektibong sanaysay	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
Napapalawak ang pagsulat sa mga tinukoy na paksa gamit ang Information Mapping Method.	4.83	0.45	Lubos na Sumasang-ayon

Information mapping method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa baitang 8

Mas nailalahad nang malinaw ang ideya ko sa pamamagitan ng pagsunod sa gabay ng Information Mapping Method.	4.60	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Ang mga tuntunin sa Information Mapping Method ay kinapapalooban ng mga gabay upang mas mapabilis ang pagsulat ng replektibong sanaysay	4.60	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Ang mga gawaing pagganap ay naglalaman ng mga kasanayan na angkop lamang sa pagbuo ng simpleng sanaysay.	4.53	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Nagiging makabuluhan ang mga ideya at pagoorganisa ko sa mga kaisipan gamit ang Information Mapping Method.	4.63	0.49	Lubos na Sumasang-ayon
Mean Response	4.64	0.52	Lubos na Sumasang-ayon

Legenda: 1.00-1.80-Lubos na Di Sumasang-ayon; 1.81-2.60-Hindi Sumasang-ayon; 2.61- 3.40Neutral/ Niyutral; 3.41-4.20-Sumasang-ayon; 4.21-5.00-Lubos na Sumasang-ayon

Ipinapakita sa talahanayan 4 na lubos na sumasang-ayon ang naging saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Information Mapping Method bilang estratehiya sa pagtuturo ng replektibong sanaysay: kasanayan (mean=4.64, sd=0.52) sa pagsulat ng replektibong sanaysay sa pangkalahatan. Ang paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat ay mahalaga sa pagkakamit ng interes sa pagsulat ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral. Kaya sinuri ng mananaliksik ang epekto sa paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagganap ng mga respondente sa pagsulat ng replektibong sanaysay.

Batay sa mga datos na ito, mas nalilining ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga respondenteng mag-aaral gamit ang estratehiyang Information Mapping Method. Makikita sa inilalahad na datos na ang tatlumpu't apat (34) na mga respondente ay lubos na sumasangayon na napapalawak ang kanilang kasanayan sa pagsulat gamit ang estratehiyang ito samantalang lima (5) ang sumasang-ayon at isa (1) ang neutral. Makikita rin na mas nailalahad nila nang malinaw ang kanilang ideya sa pamamagitan ng pagsunod sa gabay ng Information Mapping Method. Sa katunayan ay dalawampu't lima (25) sa mga naging respondente ang nagsabing sila ay lubos na sumasang-ayon sa bahaging ito. Masusuri rin sa datos na ang mga respondenteng ito ay lubos na sumasang-ayon na ang mga tuntunin sa Information Mapping Method ay napapalooban ng mga gabay upang mas mapabilis ang pagsulat ng replektibong sanaysay. Mapapansin rin sa datos na ang dalawampu't dalawa (22) sa mga respondente ay lubos na sumasangayon na ang mga gawaing pagganap ay naglalaman ng mga kasanayan na angkop lamang sa pagbuo ng simpleng sanaysay.

Pinatunayan sa pag-aaral ni McNeill (2016) na napaunlad at napatunayan ang metodong ito sa pagtuturo na kung pagsama-samahin ang balangkas na ito para sa ipaliwanag mula sa materyal ng kurikulum, diskarte sa pagtuturo, at mga pagtatasa ay nagpapahusay sa pag-unawa sa konsepto at nagpapabuti sa kakayahan ng mga mag-aaral na mag-isip at maglahad ng 33 saloobin sa pamamagitan ng maingat na pagsusuri sa ideyang kanilang inilalahad.

Bilang implikasyon sa mga resultang ito, natuklasan ng mananaliksik na naging maganda ang epekto ng paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa mga mag-aaral na respondente. Sa katunayan, lubos na sumasang-ayon ang lumabas na interpretasyon sa mga datos na nakalap sa lahat ng mga aytem na nagtatasa sa kanilang saloobin ukol sa kasanayan sa pagsulat ng replektibong sanaysay batay sa datos na nakapaloob sa talahanayang ito.

Sa kabuuan, inilalahad sa talahanayan 5 ang mga nahinuhang epekto sa paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa performans ng mga respondente sa pagsulat. Makikita sa mga datos na ito na may magandang epekto ang paggamit ng nasabing estratehiya sa kasanayan sa pagsulat ng mga respondente. Makikita sa kasunod na talahanayan ang pagsusuri sa interes ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay. Sa talahanayan 6 ay makikitang lubos na sumasang-ayon ang mga respondente na kasiya-siyang gamitin ang Information Mapping Method sa pagbuo ng replektibong sanaysay (mean=4.53,

sd=0.55) at lubos rin silang sumasang-ayon na ang pagtalakay sa Information Mapping Method ay nakapanghihikayat upang mas gamitin itong gabay sa pagsulat ng replektibong sanaysay gamit ang metodong Information Mapping Method na naging makabuluhan sa ipinakitang kahusayan sa pagbibigay interest sa paggamit ng Information Mapping Method. (mean=4.70, sd=0.52).

Talahanayan 5

Interes sa pagsulat ng replektibong sanaysay

Interes sa pagsulat ng replektibong sanaysay	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
Kasiya-siyanggamitin ang Information Mapping Method sa pagbuo ng replektibongsanaysay	4.53	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Ang pagtalakay sa Information Mapping Method ay nakapanghihikayat upang mas gamitin itong gabay sa pagsulat ng sanaysay.	4.70	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Ang kahusayan ng aplikasyon ng paggamit ng Information Mapping Method sa pagsulat ng sanaysay ay makapagdudulot ng kasiyasiyangkaranasan sa pagsulat.	4.58	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Nakakakumbinse sa pagsulat ng makabuluhang replektibong sanaysay ang paggamit ng Information Mapping Method	4.60	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Nakapupukaw ng kawilihan sa pagsulat ng replektibong sanaysay ang paggamit ng Information Mapping Method.	4.60	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Mean Response	4.60	0.54	Lubos na Sumasang-ayon

Ang kahusayan ng aplikasyon sa paggamit ng Information Mapping Method sa pagsulat ng sanaysay ay makapagdudulot ng kasiya-siyang karanasan sa pagsulat ay lubos rin nilang sinasang-ayunan (mean=4.58, sd=0.55). Lubos din silang sumasang-ayon na nakakakumbinse sa pagsulat ng makabuluhang replektibong sanaysay ang paggamit ng Information Mapping Method (mean=4.60, sd=0.55) at mas nakapupukaw ng kawilihan sa pagsulat ng replektibong sanaysay ang paggamit ng Information Mapping Method (mean=4.60, sd=0.55).

Masusuri sa datos na ang dalawampu't dalawang (22) mga respondenteng mag-aaral ay nagpapakita ng interes at may lubos na pagsangayon na kasiya-siyang gamitin ang estratehiyang ito. Makikita rin na sinasangayunan nila nang lubos na nakapanghihikayat na gamitin sa pagsulat ng sanaysay ang pagsunod sa mga gabay ng Information Mapping Method. Gayundin naman lubos din nilang sinasang-ayunan na nadulutan sila ng kasiyahan sa kanilang karanasan sa pagsulat ng sanaysay dulot ng kahusayan sa aplikasyon sa paggamit ng estratehiyang nabanggit. Sa kabilang dako, nagpakita sila ng lubos na pagsang-ayon na ang paggamit sa estratehiyang ito ay nakakakumbinse sa pagsulat ng makabuluhang replektibong sanaysay. Dagdag pa, lumabas sa datos na sinuri na ang mga respondenteng mag-aaral ay napukaw ang kawilihan sa pagsulat ng replektibong sanaysay dahil sa paggamit ng Information Mapping Method.

Mula sa pag-aaral ni De Los Reyes (2021) tinukoy niya na may impluwensya sa pagtuturo at pagkatuto sa pagsulat ng alinmang akademikong sulatin ang pagpapagamit sa gabay ng Information Mapping Method at ito ay may direktang epekto sa kanilang kakayahan sa pagsulat. Batay sa resulta, sa umpisa ay kakikitaan ang kaniyang mga naging respondente ng kahinaan sa pagbabaybay ng salita, pagbuo ng pangungusap at lalo na sa aspektong gramatika at wastong gamit ng bantas subalit pagkatapos na ituro at mailapat ang mga tuntunin at gabay ng Information 36 Mapping Method ay unti-unting umangat ang lebel ng kanilang kasanayan at kahusayan sa mga aspektong ito.

Tinukoy naman sa pag-aaral nina Shorten at Smith (2017) na ang kahusayan sa pagsulat ay nagmumula sa kaalaman sa paggamit ng kanyang lokal na wika. Kinikilala dito ang kasaysayan, estruktura ng wika, ang proseso ng gramatika, at ang semantika. Ang mga ito ay mga napakahalagang elemento para sa isang sulatin na may saysay. Nangangahulugan lamang na mahalaga ang isang de-kalidad na pundasyon sa kasanayang ito.

Bilang implikasyon, ang estratehiyang Information Mapping Method ay naging kaagapay ng mga respondenteng mag-aaral sa kanilang pagsulat ng sanaysay. Nahasa hindi lamang ang kanilang kakayahan kundi maging ang kanilang interes sa pagsulat. Naging mas repinado ang kanilang kahusayan sa mga pamantayang pangnilalaman kung saan mas natuto sila sa pagpapalawak at pag-uugnay ng paksa sa iba pang konsepto gayundin sa aspektong organisasyon at pormat kung saan napukaw ang kanilang interes na gamitin ang natutuhan sa iba't ibang konteksto. Nakapagpamalas na rin sila ng kahusayan sa gramatika na mauuri sa pamantayang pangmekaniks. Sa pangkalahatan, ang paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method ay mas pumukaw sa kanilang interes tungo sa makabuluhang pagsulat ng replektibong sanaysay.

4. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, na ang estratehiyang Information Mapping Method ay makatutulong sa paghahasa sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pagbuo ng replektibong sanaysay. Nakita rin na ang mga mag-aaral ay mas nagkaroon ng interes sa pagsulat ng sanaysay at napananatili ang kanilang kawilihan sa pagsusulat ng replektibong sanaysay. Dagdag pa, ang estratehiyang Information Mapping Method ay epektibong gamitin bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat upang mapukaw ang interes at malinang pang lalo ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Makatutulong ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsusulat ng replektibong sanaysay at pagpapahinog ng kakayahang pasulat upang malinang ang malikhaing-isip tungo sa magandang resulta ng pagpapaliwanag. Magsissilbi naming itong suplimental na materyal upang matulungan ang mga gurong nagnanais na makapagbigay magandang kaalaman sa mga mag-aaral. Sa administrasyon sa paaralan naman ay magiging gabay ang pag-aaral na ito upang mas bigyan pa ng kaukulang programa ang paglinang ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon, napagpasyahan ng mananaliksik ang mga sumusunod na mungkahi na maaaring gawin: (1) Kailangang gumamit ang guro ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa mga mag-aaral. Maaari pang palawakin ang kaalaman sa pamamagitan ng pangangalap ng mga estratehiyang aangkop sa antas na tinuturuan, (2) ang paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ng pagsulat lalo na ng replektibong sanaysay sa mga mag-aaral sapagkat nakatutulong ito sa pagdedebelop sa kasanayan sa pagsulat, (3) mas maiging gamitin ang estratehiyang Information Mapping Method kaysa kumbensyunal na paraan ng pagtuturo ng pagsulat dahil mas mataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang estratehiyang ito, at (4) higit na mainam gamitin ang nabuong awtput sa pag-aaral na ito bilang gabay ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng replektibong sanaysay sa mga mag-aaral.

5. Sanggunian

- De Guzman, J. A., & Abagon, B. S. (2021). Kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng senior high school. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 10(5), 125-137.
- De Los Reyes, A. C. (2021). Karaniwang gramatikang pagkakamali sa pagkasulat ng sanaysay tungo sa lingguwistikong kasanayan. *EPRA International Journal of Research & Development (IJRD)*, 7(6). <https://doi.org/10.36713/epra7727>
- Department of Education. (n.d.). K to 12 basic education curriculums. Retrieved from <https://www.deped.gov.ph/k-to12/about/k-to-12-basic-educationcurriculum/>
- Knudson, R. E. (1995). Writing experiences, attitudes, and achievement of first to sixth graders. *The Journal of Educational Research*, 89(2), 90–97.
- Magpantay, M. S. (2011). *Students behavior with diversified culture: Basis for motivational techniques*. Pang Institusyong Pag-aaral, Southern Luzon State University. Lucban Quezon City.
- McKeachie, W. J. (1990). Research on college teaching: The historical background. *Journal of Educational Psychology*, 82(2), 189–200. <https://doi.org/10.1037/0022-0663.82.2.189>
- McNeil M. (2016). Preparing teachers for hybrid and online language instruction. *Issues and Trends in*

- Educational Technology*, 4(1). https://doi.org/10.2458/azu_itet_v4i1_mrneil
- Morgan, M. (2018). Reflective essay. University of Washington Digital Library. Retrieved from https://digital.lib.washington.edu/researchworks/bitstream/handle/1773/41905/LRA2018_essay_Morgan.pdf?sequence=1&isAllowed=y
- Ortega, D. P., Cabrera, J. M., & Benalcázar, J. V. (2018). Differentiating instruction in the language learning classroom: Theoretical considerations and practical applications. *Journal of Language Teaching and Research*, 9(6), 1220-1228. <https://doi.org/10.17507/jltr.0906.1>
- Republic Act No. 10533. (2013). An act enhancing the Philippine basic education system by strengthening its curriculum and increasing the number of years for basic education. Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>
- Shorten, A., & Smith, J. (2017). Mixed methods research: Expanding the evidence base. *Evidence-Based Nursing*, 20(3), 74-75. <https://doi.org/10.1136/eb-2017-102699>
- Stratford, M. (2018). What is a reflection essay? Retrieved from <https://classroom.synonym.com/reflection-essay-4793.html>